

# Programang Presumptive Eligibility para sa Mga Buntis na Kababaihan (Presumptive Eligibility for Pregnant Women Program) FACT SHEET NG PASYENTE

## Para saan ang Presumptive Eligibility para sa Mga Buntis na Kababaihan (PE4PW)?

Ang PE4PW para sa Mga Buntis na Kababaihan ay agaran, pansamantalang pag-aalaga sa kalusugan na kaugnay sa pagbubuntis para sa mga kababaihang mababa ang kita, kabilang ang pagpapalaglag at nakunan. Karamihan ng mga pagbisita ng doktor, klinika at sa emergency room ay sakop. Sakop ang mga prenatal na bitamina at karamihan ng mga medikasyon. Ang PE4PW ay HINDI sasakop sa pag-aalaga kapag nagle-labor at nanganganak o anumang in-patient na pag-aalaga sa ospital. Dapat kang magsumite ng buong aplikasyon para makakuha ng coverage para sa pag-aalaga sa pagle-labor at pagpapanganak.

## Sino ang nararapat para sa PE4PW?

Sinumang babae na sa palagay niya ay buntis siya at ang kita ng pamilya ay mas mababa sa partikular na halaga ay nararapat sa PE4PW. Ang buntis na babae ay binibilang na dalawa o higit pa, depende sa kung ilang panganganak ang inaasahan. Magsisimula ang sakop sa PE4PW sa araw ng pag-enroll.

## Paano ako makakakuha ng pagkakasakop sa PE4PW?

Dapat kang mag-apply sa pamamagitan ng Kwalipikadong Tagapaglaan. Tanungin ang doktor o klinika mo kung nag-aalok sila nito o pumunta sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/PE.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/PE.aspx) para sa listahan ng mga tagapaglaan.

## Gaano katagal bago ako makakuha ng PE4PW?

Hanggang sa ang iyong aplikasyon para sa buong pagsakop sa programa sa pagiging abot-kaya ng pangkalusugang insurance, kabilang ang Medi-Cal, ay naaprubahan o matanggihan. Dapat kang magsumite ng buong aplikasyon para magpatuloy na makakuha ng coverage sa PE.

## Paano ako mag-a-apply para sa programa sa pagiging abot-kaya ng pangkalusugang insurance, kabilang ang Medi-Cal?

- Online sa [www.CoveredCA.com](http://www.CoveredCA.com)
- Telepono 1-800-300-1506
- Ikaw Mismo - makipag-ugnayan sa [CoveredCA](http://CoveredCA) nang on-line o sa numerong 800 para sa listahan ng mga lugar
- Mga ahensiya ng panlipunang serbisyo ng county
- Online sa [www.benefitscal.com](http://www.benefitscal.com) para sa mga programa ng county
- Mag-download sa mag-print ng CoveredCA Application sa [www.coveredca.com/apply/](http://www.coveredca.com/apply/)  
Mag-fax sa: 1-888-329-3700  
o I-mail sa: Covered California  
P.O. Box 989725  
West Sacramento, CA 95798

## Pagpapa-enroll sa Text4baby

Inirerekomenda ng Medi-Cal ang [Text4Baby](http://Text4Baby), isang 100% libreng serbisyo. Magpapadala ang Text4baby ng mga paalala sa appointment sa doktor, impormasyon sa prenatal na pag-aalaga, development ng baby, mga senyales ng pagle-labor, pagpapasuso, nutrisyon at higit pa direkta sa cellphone mo. LIBRE ito kahit na walang pag-text sa plano ng cellphone mo. Para magpalista, i-text ang BABY o BEBE sa 511411 o pumunta online sa [www.text4baby.org](http://www.text4baby.org). May libreng makukuhang app sa iTunes at Google Play app store.

## Paano kung makatanggap ako ng mga singil para sa pag-aalaga sa kalusugan na aking natanggap?

Kung may mga serbisyo ka na hindi binabayaran ng PE4PW para sa Mga Buntis na Kababaihan, maaaring bayaran ito ng regular na Medi-Cal. **Mag-apply para sa Medi-Cal sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng serbisyong medikal (HINDI sa petsa ng singil—maaring masyado nang matagal iyan).** Sagutan ng “oo” ang tanong sa application form tungkol sa mga medikal na gastusin sa nakaraang tatlong buwan, kahit na wala ka pang natatanggap na mga singil. Kung ayaw mo ng insurance makalipas ang PE4PW dahil nakunan ka o para sa anumang ibang dahilan, dapat ka pa ring mag-apply at lagyan ng check ang “oo” para sa tatlong-buwang coverage.

## Paano kung nabayaran ko na ang pag-aalaga ng kalusugan ko?

Kung nag-apply ka ay nakakuha ng Medi-Cal, sabihan ang tagapaglaan mong singilin ang Medi-Cal at isauli ang pera mo. Kung ayaw ng tagapaglaan, tawagan o sulatan ang Programang Medi-Cal sa Sacramento tungkol sa *Conlan* Beneficiary Reimbursement Program.

Para sa Mga Medikal na Paghabol:  
Department of Health Care Services  
Beneficiary Services  
P.O. Box 138008  
Sacramento, CA 95813-8008  
916-403-2007  
TDD: 916-635-6491

Para sa Mga Dental na Paghabol:  
Medi-Cal Dental Program  
Beneficiary Services  
P.O. Box 526026  
Sacramento, CA 95852-6026  
916-403-2007  
TDD: 916-635-6491